

DepEd Advisory No. 3, s. 2016

Enero 8, 2016

In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013

This advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.

(Visit www.deped.gov.ph)

IIKA-44 PAMBANSANG SEMINAR-GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO
NG PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA TAGAMASID
AT TAGAPAGTAGUYOD SA FILIPINO (PASATAF)

Ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF) ay magdaraos ng *Ika-44 Pambansang Seminar-Gawaing Kapulungan sa Filipino* na may temang *Nagbibigkis, Nagpapatupad at Patuloy na Pinauunlad ang Wikang Filipino at Kultura Upang Makaagapay at Matugunan ang K to 12* mula ika-14 hanggang ika-17 ng Abril 2016 sa Baguio *Teachers Camp*, Lunsod ng Baguio.

Ang mga layunin ng Seminar ay:

1. mabigyang-halaga ang pagsasapanahon sa mga kaalamang pangwika at higit na maiangat ang kalidad ng Edukasyon upang makaagapay sa *K to 12*;
2. matugunan ang pangangailangang kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng wikang Filipino sa pinaiiral na kurikulum; at
3. maiugnay ang mga kaalaman at kasanayang natutuhan sa aktwal na pagtuturo.

Inaasahang dadalo ay ang mga kapisanang pangwika sa edukasyon, mga kinatawan na manggagaling sa iba't ibang rehiyon, pambansang pamunuan at lupon ng mga direktor ng PASATAF, mga kinatawan ng tanggapang sentral ng DepEd at CHED, panrehiyon at pansangay na mga tagamasid sa Filipino, mga superbisor, punongguro, mga guro sa elementarya, sekondarya at tersarya sa mga unibersidad/kolehiyo na pang-estado at pribado at mga bago at dating kasapi sa PASATAF, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang Pangwika sa Edukasyon, mga gurong nagtuturo sa Filipino at mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino, at sinumang may interes sa usaping pangwika, mga iskolar at dalubwika.

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring tumawag kay:

Dr. Carmelita C. Abdurahman

Pangulo

Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod
sa Filipino (PASATAF)

Bldg. 35, Unit 3535, MRB Building, Commonwealth, Quezon City

Mobile Phone: 0919-308-9631; 0927-423-2955

Email: pasataf@gmail.com